

Ang Bagong Taong Liham Pastoral ng Obispo, 2009

Bokasyon

~ Taon ng Pagsisimula ng Pagpapalaganap ng Bokasyon sa ika-21 Siglo sa Diyosesis ng Kyoto ~

Paul Otsuka Toshinao, Obispo ng Kyoto

1. Pag-iisip sa Limampung Banal/Pinagpala (Blessed) na mga Martires ng Kyoto

Sa pagpasok natin sa Bagong Taon, sa tulong ng biyaya ng Diyos na siyang pinagmumulan ng buhay, gusto kong tuparin ang aking tuntuning (motto) pang-episcopal, “Na ang Lahat ay Maging Isa,” sa pamamagitan ng ebanghelikong misyon na ipinagkatiwala sa mga nananampalataya sa Diyosesis ng Kyoto. Muli sa taong ito, umaasa ako sa inyong pakikipagtulungan.

Noong ika-24 ng Nobyembre ng nakaraan taon ay ginanap sa Nagasaki ang pagbeyatipikasyon ni Peter Kibe at ang 187 iba mga Martires na Hapon, at ang pagbibigay ng titulong Pinagpala (Blessed) sa 52 biktima ng ‘Dakilang Pagkamartir sa Kyoto.’ Una, gusto kong pasalamatang Diyos, kasama kayo, para sa maluwalhang biyaya na ibinigay sa Diyosesis ng Kyoto. Gusto kong mag-alay ng pasalamat sa nauna sa akin na si Obispo Kenichi Tanaka, ang “Kristiyanong Study Group” at ang lahat ng mga nananampalataya na nagbuhos ng dakilang gawa para sa kilusan ng pagpapabeyatipikasyon sa loob ng ika-apat na parte ng isang siglo. Gusto ko ring pasalamatang buong tapat ang lahat na nagbigay ng malaki sa pangangalap ng pondo para sa Gawaing Paggunita sa Diyosesis ng Kyoto. Maraming-maraming salamat sa inyong lahat. (1)

Ginugunita ng Simbahang Hapon, sa pamamagitan ng magandang (shining) halimbawa ng pananamapalataya ng mga bagong beyatipikado, ang kahanga-hangang pagsisimula ng gawaing misyon sa Japan, at ang dakilang biyaya ng beyatipikasyon na ito na siyang nagbibigay buhay sa pag-ebanghelyo sa ating panahon ngayon. Ang buhay misyonero na ating ginagawa sa pamamagitan ng “kasalukuyang pagpapakamartir” ay nangangailangan ng hindi matitinag na pasiya (resolve) at ng lakas ng loob na magsakripisyo. Ipinapalaganap ng Diyosesis ng Kyoto ang Sama-samang Paggawa Para sa Misyon at pinagsusumikap na maging komunidad ito ng pagkamisyonero, at naniniwala ako na sa pagtingala natin sa mga pinagpalang martires ng Dakilang Pagkamartir sa Kyoto, ang kanilang espiritu ng pananamapalataya hanggang kamatayan, matutupad natin ang tawag sa pagiging saksi sa ebanghelyo.

Sa ganitong pag-iisip, iminumungkahi ko sa inyo, bilang isa sa mga layunin ng Diyosesis ng Kyoto sa pagpapalaganap ng Sama-samang Paggawa Para sa Misyon simula ngayon, ang pagpapalaganap ng bokasyon.

2. Ang Taon ng Pagsisimula Pagpapalaganap ng Bokasyong pang siglo 21

Ang bokasyon ay isang mahalagang paksa sa simbahan ngayon. Ang pagdaloy ng agos ng bokasyon tungo sa buhay pari at madre ay humina sa Japan, kundi man halos natuyo na. Taon-taon, ang dami ng mga pareng diyoseso at ng mga misyonerong pari at mga relihiyoso mula sa labas ng bansa ay umuunti at yung mga nagtatrabaho na rito ay patanda na nang patanda.

Ang mababang bilis (rate) ng panganganak at ang pagtanda ng populasyon, ang pagkakaroon ng iba't-ibang uri ng pinapahalagahan (values), ang pagkahilig (tendency) na makuha ang mga pakinabang (benefits) sa mundo, at ang paghina ng pamilya sa Japan ay maaaring mga dahilan nito.

Sinabi ni Papa Juan Pablo II na “ang krisis ng bokasyon sa pagpapari ay may malalim na ugat sa pangkulturang kapaligiran at sa pananaw at pagkilos ng mga Kristiyano.” Kaya’t may madaliang angangailangan sa “gawaing pastoral ng Simbahan na sa Pagpapalaganap ng bokasyon ay nakapuntirya nang walang duda (decisively) at para unang-una sa pagbabalik (restoration) ng ‘isip Kristiyano’ na binuo sa pananampalataya at siyang bumubuhay nito.” (2) Sa ibang salita, upang mai-palaganap ang bokasyon kailangang masigasig nating buuin ang mga saligan (fundamentals) ng ating panampalataya.

Sa kauna-unahan, ang bokasyon para sa pagpapari at buhay relihiyoso ay nananalamin ng tunay na kalikasan ng Simbahan, na isang katangiang hindi maaalis sa Simbahan. (3) Sa dahilang ito, “ang gawaing Pastoral para sa bokasyon” na nangangailangan ng maingat na pagtingin sa pinagmulan at pagpapausbong ng bokasyon ay bagay na kailangang lubusang maunawaan ng buong Simbahan. Masisiguro natin na sa pamamagitan nito ay magkakaroon tayo ng bagong pananaw sa pagbabago at pagpapaunlad ng Simbahan at ng mga gawaing aking ipinatutupad sa Simbahan. Ang pagpapalaganap ng bokasyon ay susi sa pagpapalawig ng pagkasanto ng Simbahan at tiyak na magdudulot ng kasiglahan (dynamism). Nakita na natin ito at upang simulan ang mga kailangang gawain sa diyosesis itinalaga ko ang taong ito bilang “Taon ng Pagsisimula ng pang-Siglo 21 Pagpapalaganap ng Bokasyon sa Diyosesis ng Kyoto.”

3. Isang Kilusan para sa Pagpapalaganap ng Bokasyon

Naaisip natin na ang “bokasyon” o “tawag” ay nangangahulugan ng pagtawag sa buhay pari o relihiyoso. Malayang pinili ng Diyos ang ilang tao na malayang sumagot sa kanyang tawag at pinili na sundin ang daan tungo sa propesyong relihiyoso or ordinasyon. Tinawag ng Diyos ang lahat na sumunod sa isang bokasyon. Sa dahilang ito, hinihikayat ko ang lahat na Kristiyano – pari, relihiyoso at lay people – na mag-isip nang mas malawak tungkol sa bokasyon at makilahok sa mga gawain ng pagpapalaganap ng mga bokasyon. Ang pagpapalaganap ng bokasyon ay may mga sumusunod na elemento:

- ‘Pag-alam’ sa mga bokasyon
- ‘Pag-iisip,’ ‘pag-hinuha’ (discerning) sa bokasyon ng bawa’t isang tao
- ‘Pagdarasal’ para sa bokasyon
- ‘Pagkilos’ para sa pagpapalaganap ng bokasyon.

Tatalakayin ko ang bawa’t isa nito sa mga sumusunod na talata.

4. Pag-iisip ng Buhay Bilang Bokasyon

Ang salitang “bokasyon” ay nangangahulugan ng relasyon ng Diyos, na lumikha sa atin, at ng mga tao, na siyang tumanggap ng Kanyang pag-ibig. Ginawa ng Diyos ang tao ayon sa kanyang sariling larawan, na kahawig Niya (Cf. Genesis 1:26), at inanyayahan sila sa isang malalim na relasyon ng pagmamahal sa Kanya. May sinabi ang Second Vatican Council tungkol dito: “Ang namumukod tanging dahilan ng dangal ng tao ay nakabatay sa katotohanan na ang tao ay tinawag na makipag-isa sa Diyos.

Simula sa kalagayan (circumstance) ng kanilang pinagmulan (origin) ang tao ay inanyayahan na makipag-ugnayan (converse) sa Diyos. Hindi iiral ang tao kung hindi sila ginawa ng pagmamahal ng Diyos at patuloy na pinangangalagaan nito. At hindi sila mabubuhay ng lubos na ayon sa katotohanan kung hindi nila malayang kikilalarin ang pagmamahal na yan at iaalay ang kanilang sarili sa lumikha sa kanila” (Vatican II Documents, Gaudium et spes. 19) Ang bokasyon ay nangangahulugan na ang pagbubunyag (revelation) ng Diyos ay masigasig na gumagalaw at nililinaw ang katotohanan ng pag-iral ng tao. Ang isang tao ay isang nilalang na tinawag ng Diyos sa pag-ibig.

5. Pag-uusap sa Bokasyon

Ang bokasyon ay ang pag-uusap sa pagitan ng pagmamahal ng Diyos na tumatawag at ng kalayaan ng taong tumutugon nang may pagmamahal. Ang ating buhay, bilang mga tao na tinawag ng Diyos, ay isang pakikipag-usap sa Kanya. Sa ano mang panahon o kung sinoman, kapag itinatanong natin ang ating sarili ‘Paano ko isasabuhay ang aking buhay?’ ang tanong ay nagmumula sa Diyos. Sa bahagi ng mga tao ang bokasyon ay ang pagtanggap sa pakikipag-usap sa Diyos. Ang akikipag-usap na ito ay hindi yung ako ang nauunang nagtatanong. Ang Diyos ang kumakausap sa akin, at ako ay tumutugon sa Kanya. Ang mahalaga ay ang pagtanggap ng pag-uusap na ito. Sa simula pa lamang na tayo ay nasa sinapupunan pa ng ating Ina, bago tayo ipanganak (Cf. Jeremiah 1:4-5), bawa’t isa sa atin ay tinatawag na ng Diyos nguni’t tayo ay mamumulat pagdating ng araw sa tawag na ito at mauudyokan (prompted) na tugunan ito. Kung tayo ay patuloy na tatanda (mature) ayon sa sari-sarili nating katangian (character) habang tayo ay patuloy sa paglalakbay tungo sa kabuuan ng ating buhay, dapat ay palagi nating gawing batayan (foundation) ang pakikipag-usap sa Diyos.

6. Nais Kong Maging Pari!

Sa ika-20 ng Marso ng kasalukuyang taon, magdiriwang ako ng aking silver jubilee, ito ay ika-dalawampu’t limang taon mula ng unang taon sa highschool sa Saint John Junior Seminary sa pinatatakbo ng Diyosesis ng Nagoya ng mga panahong yon. Nang makatapos ako sa kolehiyo pumasok ako sa Tokyo Catholic Theological College at sinimulan kong tahakin nang puspusan (earnest) ang daan patungo sa pagiging pari. Pagkatapos ng anim na taon sa seminaryo at dalawampu’t limang taon nang pagiging pari, kung tatanungin ko ang aking sarili ‘ako ba ay tunay na masaya sa pagiging pari?’, ang sagot ay oo, ‘Siguradong oo.’ Ang dahilan kung bakit ganito ay sapagka’t alam ko nang buong linaw kung aling landas ang tinatahak ko sa pagtugon sa tawag sa pagmamahal ng Diyos at ito ang aking sinusunod. Ang bokasyon ay maaring hindi biglaang pagtugon kapag narinig ang tawag ng Diyos. Ang bokasyon ay nagmumula sa pakiramdam ng ating puso, isang pagnanasang maging isang hindi karaniwang tagasunod ni Kristo, na lumalabas sa isang tao kung seryoso niyang pinag-iisipan ang kanyang kinabukasan at tinitingnan nang maingat ang kaniyang career options. Kung ang ganitong pakiramdam ng puso ay bagay na hindi na maitatangi, kung ito ay maging malakas sa paglipas ng panahon, ito ay tanda na ang isang tao ay gumigising na sa kanyang bokasyon.

7. Pagsunod sa Kagustuhan ng Diyos

“Hindi kayo ang humirang sa akin, ako ang humirang sa inyo” (Juan 15:16). Ang bokasyon ay ang hindi karaniwang kagustuhan ng Diyos para sa bawa’t isang tao, na siyang pinili ng Diyos.

Ang ibang tao ay pinili na maging pari o relihiyoso, ang iba ay bilang *lay* na Kristiyano. Isang mahalagang katungkulan ng lahat na Kristiyano na hanapin kung ano ang maaaring gusto ng Diyos para sa kanila. Sa ating pagpili ng mga practical na mga desisyon sa buhay (life-choices), dapat tayong magpasya pagkatapos nang isang maingat na pag-iisip tungkol dito at nang pag-unawa sa kung ano ang hinihiling ng Diyos sa atin.

Ang pagpili ng Diyos ay hindi bagay na ipinipilit mula sa labas natin. Ang Diyos ay nasa kailaliman natin. Ang pagsunod sa kagustuhan ng Diyos ay pagkilos nang naayon sa kailaliman at pinakatotoong sarili. Ang Espiritu Santo ay ibinuhos sa kailaliman ng ating puso at tayo ay itinutulak na hanapin at tanggapin ang ating sarili; hindi ang ating artipisyal na sarili, kundi ang ating tunay na sarili na nasasalamain sa mata ng Diyos. Ang biyaya at kalayaan ay hindi magkasalungat. Dahil dito, malinaw na hindi natin ginagawa ang ating sariling buhay, kundi ang Diyos ay sumasabay sa ating paglalakad sa buong landas ng ating buhay. Kaya't mahalaga na tayo ay may matalas na pakiramdam (sensitive) sa pag-iral ng Diyos na siyang gumagalaw sa kalagitnaan ng ating sariling kasaysayan. Maaari nating isantabi ang paminsa-minsang pakiramdam ng kalungkutan at, tulad ni Hesus, alam natin na ang Ama na siyang mapagkakatiwalaan natin ng lahat tungkol sa ating sarili ay umaagapay sa atin. Ang pinagmulan ng bokasyon ay "Ang Diyos ay Nasa Atin" (Emmanuel).

8. Pag-iisip Tungkol sa Sariling Bokasyon

Ang bokasyon ay ibinigay, nang labis-labis (abundantly), sa lahat ng tao. Hinihintay ng Diyos ang mga tao na makipagtulungan, na bigyan nang pansin ang kanilang bokasyon at buong laya yong tugunan. Pag-isipan nating lahat bilang mga Kristiyano, mga Kristiyano ng Diyosesis ng Kyoto, ang ating bokasyon. Kung anuman ang ating piliing pamumuhay bilang Kristiyano o ang isinasabuhay hanggang sa ngayon, ang mulat (consciously) na pagsunod sa ating bokasyon ay palaging nakabatay sa bawa't isang positibo (positive) at nakatalagang (committed) pamumuhay. Ang pag-iisip ng bokasyon ayon sa kung ano ang uri ng tungkulin na kailangang tuparin sa loob ng pamilya, sa trabaho, sa lipunan o sa Simbahan, ay nagpapalalim ng pananampalataya at isang pagkakataon na tanggapin ang pinasiglang lakas at mabuhay nang may kaligayahan. Kapag nag-iisip nang seryoso ang mga Kristiyano tungkol sa kanilang sariling bokasyon, nagkakaroon sila ng kalinawan ng isip at tungkulin na "Ako rin ay tinatawag na magpalaganap ng bokasyong parang pari (priestly)."

9. Sa Lahat na mga Kabataan

Ako ay buhay, nguni't "hindi na ako ang nabubuhay kundi si Kristo ang nabubuhay sa akin. At kung buhay man ako sa laman, nabubuhay ako dahil sa pananampalataya sa Anak ng Diyos, na nagmahal sa akin at nagbigay ng kanyang sarili para sa akin." (Galasya 2:20)

Mayroon pang anim na buwan sa natitirang "Taon ni San Pablo" na nagsimula nung ika-29 ng Hunyo ng nakaraang taon, ang piyesta nina San Pedro at San Pablo, at patuloy hanggang sa kaparehong piyesta ng taong kasalukuyan. Sinabi ni Papa Benedicto XVI na "...ang malalim na nagtulak kay Pablo ay ang pagmamahal na tinanggap niya mula kay Hesukristo at ang kagustuhan niyang ipahiwatig ang pagmamahal na ito sa iba" (4) Ang bagay na nagtutulak (motivating force) para sa misyonerong bokasyon ay ang pag-ibig ni Kristo. Umaapela ako lalo na sa mga kabataan. Kapag naramdaman ninyo ang pagmamahal ni Kristo, makinig kayo nang mabuti, nang tanggap sa loob, sa boses ng Espiritu Santo.

Kung kayo ay tinatawag na mag-alay ng inyong buhay para sumunod nang walang kundisyon, sagutin ninyo si Hesus nang buong galak (enthusiasm). Kung kayo ay magising sa kagandahan ng gawain bilang disipulo ni Kristo, ito ay isang kaligayahan na hindi mababago ng anumang. Ito ay isang yaman sa kaisa-isa nating buhay na upang makamit ay ibibigay ang lahat. Gagamitin ko ang pagkakataon para sabihin din ito sa lahat na mga kabataan mula sa ibang bansa na pumunta ditto sa Japan mula Latin America at Pilipinas, Vietnam at iba pang bansang Asyano. Huwag din kayong mag-atubili na mag-isip na maging paring diyoseso o maging relihiyoso sa Japan.

10. Bukas na Isip sa Pagtanggap ng Bokasyon

Ngayon, paano natin tanggappin ang bokasyon bilang pagmamahal mula sa Diyos? Unang-una, kailangan nating malampasan ang ating “pag-aalala tungkol sa pananampalataya” na dumarating sa gitna ng ating pagsisisi. Kaya nating dahan-dahang malampasan ang pag-aalangin ito sa pamamagitan ng pamamaraan ng pagtitiyak ng ating bokasyon. Una, hanapin natin sa ating kalooban ang mga senyas ng bakit “hindi ko maunawaan” kung ano ang hinihiling ng Diyos sa akin. May mga pagkakataon na kayo ay may maraming bagay na hindi kinasisiyahan tungkol sa iyong sarili at ibang tao, o hindi nasisiyahan sa pangkalahatang takbo ng buhay, o nasisiyahan ng loob (pessimistic) o paninindigan, o biglang naiinis, napupuspos ng galit. Ang katigasan ng ating puso sa mga pagkakataon ito, na tayo ay sarado sa ibang tao, ay nagpapakita na walang puwang para makinig nang maayos sa boses ng Diyos.

Sa kabilang banda, may mga senyales na napakasaya nating pinag-iisipan ang paanyaya ng Diyos. Ito ay ang mga panahon na kahit may mga kaguluhan (adversity) payapa pa rin ang ating pakiramdam, panahon ng pag-iisa ngunit hindi tayo nawawala sa ating sarili, panahon na may nakikita tayong kaligayahan sa mga maliit na bagay, na handa tayong magsakripisyo, na hindi tayo takot na mawalan ng mga bagay-bagay at pakiramdam natin ay handa tayong talikuran ang lahat. Sa ibang salita, mga panahon na nararamdaman natin ang kalayaan na tanggapin nang mapayapa na ang Diyos ay kumikilos sa kalooban natin. Minamahal tayo ng Diyos nang may dakilang pagtitiyaga kapag hindi natin kayang tumugon sa kanyang tawag, kapag tayo ay naduduwag at nahahabag sa ating sarili, ang ating mayabang at mapagmalaking pananampalataya ay kanyang sinasala/nililinis, at pinalalakas niya tayo sa gitna ng hindi matinag na pagtitiwala at pag-asa.

11. Paggawa at Pagdarasal sa Pagpapataguyod ng Bokasyon

Bilang makapari (priestly), makapropeta (prophetic) at makaharing (royal) tao, sa pamamagitan ng dasal at makasakramentong gawain, ebanghelisasyon, mapagmahal na serbisyo, itinataguyod ng Simbahan ang bokasyon para sa pagiging pari at pinagsisilbihan niya ito. Bawa't isang Kristiyano ay tinatawag na hanapin ang kaniyang sariling bokasyon sa kanyang komunidad sa Simbahan, tugunan ito nang buong kagandahang loob (generously), at magsumikap na ito ay mabuo at magkamisyon. Lagi nating sinasambit sa ating mga pangkaraniwang dasal sa mga parokya at bahay relihiyoso, at sa ating mga pangsariling dasal, ang hiling na magkaroon ng bokasyon sa pagpapari. “Marami nga ang aanihin at kakaunti naman ang mga manggagawa. Ida langin ninyo sa panginoon ng ani na magpadala siya ng mga manggagawa sa kanyang ani.” (Mateo 9:37). Ang dasal para sa mga bokasyon ay nagtuturo sa atin na ang bokasyon ay isang bagay na sinimulan ng Diyos at Kanyang pinabunga. Bagama't ito ay taimtim na pagdarasal para sa buong Simbahan, ang dasal na ito para sa bokasyon ay isa ring dasal na humihingi sa lahat ng

matibay na paghahangad (determination) at pananabik (enthusiasm) na sundin ang kanilang pansariling bokasyon.

Ang mga pari at ang mga may konsagradong (consecrated) buhay ay nangangai-langang magpakita nang malinaw at tahasan ang kahulugan ng pagsunod sa bokasyon sa modernong panahon. Sa ganitong dahilan, sila ay tinatawag na isabuhay ang kanilang bokasyon ng buong tapat (faithfully). Para naman sa mga *lay* na Kristiyano, upang kayo ay maging saksi sa ebanghelyo sa pamamagitan ng inyong mga pamilya at trabaho, upang magkaroon kayo ng malakas na kaalaman (awareness) sa mga ginagawa ng mga *lay* na Kristiyano sa Simbahan ayon sa kaisipang “ang lahat ng may pananampalataya ay may pagiging pari” at maisalin ito sa gawa, pakiusap ko na magpatuloy kayong makilahok nang masigla sa mga liturhiya at iba pang dasal, na maging bihasa kayo sa Bibliya, na ipamahagi ang iyong pananampalataya sa iba, na matutunan ang pananampalataya upang maging isang tagapagpahayag (evangelist).

12. Pagdarasal para sa Bokasyon kasama si Maria

Walang bokasyon sa pagpapari kung walang biyaya mula sa Diyos. Ang pagdarasal para sa makaparing bokasyon ay nakakatulong sa pagpapanatili sa ating paniniwala na siyang nagbibigay ng bokasyon sa Simbahan na tama sa kanyang pangangailangan at sa ating pag-asa na tayo ay kanyang bibigyan ng mga kinakailangang tulong. Ang taong higit pa sa iba na nagsabuhay ng kanyang bokasyon ay si Birheng Maria. Upang matularan natin ang halimbawa ni Maria na ang sagot ay “Narito ang utusan ng Panginoon, mangyari nawa sa akin ang iyong sinabi” (Lucas 1:38) tayo ay nakakatanggap ng saganang (abundant) biyaya. Sinabi nga ni San Pablo, hindi natin dapat sayangin kailanman ang biyayang ito. Tinatanggap natin na ang ating pag-iral ay may maliit na halaga lamang. Nguni’t kahit ganoon, samantalang kinikilala natin ang ating limitado at malalim na makasalanang pag-iral, tinatawag tayo ng Diyos nang may paghamon, “Kayo ang ilaw ng daigdig.” Hindi nito sinasabi na tayo ay magiging ilaw sa pamamagitan ng ating sariling lakas, magiging ganoon tayo sa pamamagitan ng pagmumuni-muni at pagpapasa ng ilaw ni Kristo.

Muli, sa taong ito, ating ialay ang pag-unlad ng ebanghelisasyon sa Diyosesis ng Kyoto sa Diyos sa tulong ng Birheng Maria at sa pamamagitan ng Mariang Reyna ng Kapayapaan ipagpatuloy ang pagdarasal para sa Kapayapaan sa buong daigdig.

Enero 1, 2008,
sa Kataimtiman ni Maria, Ina ng Diyos.

- (1) Isang confessional room ang itinayo sa Kobe Museum bilang “Silid ng mga Martires” at may isang larawan ng imahen ni Santo Francisco Javier.
- (2) Juan Pablo II, Apostolic Exhortation, ‘*Pastores Dabo Vobis*’ (Marso 25, 1992), 37
- (3) Sa kasalukuyang Canon Law, ang dating simpleng tinatawag na ‘Relihiyoso’ ay may mga uri ayon sa kanilang pagiging kasapi ng “Religious Institutes” at ‘Secular Institutes,’ na tinatawag bilang pangkalahatan na ‘Institutes of Consecrated Life,’ o ‘Society of Apostolic Life.’
- (4) Benedicto XVI, sermon sa unang misang panggabi (**vespers**) sa piyesta ng mga Santong Pedro at Pablo, Hunyo 28, 2008.